

Kaligtasan sa Pakikibahagi ng Sakay sa Panahon ng COVID-19

Impormasyon sa Pakikibahagi sa Iyong Komunidad

Departamento ng Pamublikong Kalusugan sa California

- Minsan kailangan mo na makibahagi ng sasakyan, van, bus o ibang sasakyan sa mga tao na hindi mo kasamang naninirahan upang makapunta sa trabaho, sa pamilihan o sa isang appointment sa panahon ng COVID-19 na pandemiko.
- Upang maiwasan ang pagkuha ng COVID-19 na virus, mas mabuting limitahin ang bilang ng pagsakay kasama ng mga tao sa iyong sambahayan. Makisakay lamang sa mga tao kung kinakailangan.
- Kung nakikibahagi ng sakay sa sinuman, sundin ang ligtas na mga hakbang tulad ng mga hakbang na isasagawa kung lalabas sa publiko at subukan na iwasan ang virus.
- Narito ang ilang ligtas na mga payo na susundin kapag nakikibahagi ng sakay.

Bago Makibahagi ng Sakay

- Huwag kailanman makibahagi sa sasakyan sa iba kung ikaw ay may ubo, lagnat o masama ang pakiramdam.
- Hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig bago pumunta sa sasakyan.
- Subukan na tignan kung mahigit sa isa na sasakyan o van ang maaaring gamitin upang mas maliit na tao ang nasa sasakyan nang sabay-sabay.
- Subukan na huwag sumakay sa sasakyan kung ang tsuper o pasahero ay hindi nagsusuot ng mga pantaip sa mukha.

Sa loob ng Sasakyan

- Laging magsuot ng pantakip sa mukha na nagtatakip ng iyong bibig at ilong sa loob ng sasakyan, van, bus o ibang sasakyan kapag nakikibagi ng sakay sa iba na hindi naninirahan sa iyo.
- Subukan na limitahin ang bilang nga mga tao sa sasakyan.
- Umupo nang magkalayo kung maaari. Subukan na manatili ng anim na talampakan mula sa iba.
- Subukan na gawing bukas ang gitnang upuan.
- Limitahin ang pakikipag-usap habang sumasakay dahil ang COVID-19 virus ay nagkakalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing at pakikipag-usap.
- Subukan na huwag kumain o uminon habang sumasakay sa sasakyan.
- Takpan ang iyong bibig ng iyong siko kung ikaw ay uubo o babahing.
- Subukan na magdala ng hand sanitizer para sa mga tao na linisan ang kanilang mga kamay habang sumasakay. Gamitin ito kung madalas na humahawak sa mga ibabaw ng kagamitan.

- Buksan ang mga bintana ng sasakyan upang panatilihin gumagalaw ang hangin o ayusin ang bentilasyon ng hangin/air conditioning sa hindi umiikot na mode.

Pagkatapos ng Pakikibahagi ng Sakay

- Kapag natapos ang pagsakay, hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer.